**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**June 15, 2020 (11:02 A.M – 12:01 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Isang mapagpalang araw sa ating mga kababayan mula po sa iba't ibang panig ng mundo, samahan ninyo kami sa panibagong linggo ng paghahatid ng totoo at tamang impormasyon tungkol sa laban ng ating bansa kontra sa COVID-19. Mula sa PCOO, ako po ang inyong lingkod Usec. Rocky Ignacio. Basta laging handa at sama-sama, kaya natin ito kaya samahan ninyo kami dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Samantala, silipin muna natin ang pinakahuling bilang ng COVID-19 sa bansa. As of 4 P.M. kahapon, nakapagtala ang DOH ng 539 new cases sa bansa kung saan 366 dito ang fresh cases, habang 173 naman ang late cases. Sa kabuuan ay nasa 25,930 na po ang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa bansa habang nasa 18,612 naman ang active cases. Nadagdagan naman ng 59 cases ang mga naitalang gumaling mula sa sakit, sa kabuuang bilang na 5,954 recoveries, habang nasa 1,088 naman ang mga nasawi matapos itong madagdagan ng labing apat kahapon.

At para po sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, maaari ninyo pong i-dial ang 02894-COVID o kaya ay 02894-26843. Para naman sa mga PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, i-dial ang 1555. Patuloy po kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon tungkol sa COVID-19; maaari ninyong bisitahin ang covid19.gov.ph.

Ngayong araw po ay pormal nang bubuksan ang NLEX Harbor Link na direktang magdudugtong sa Caloocan, Malabon at Navotas papunta po sa North Luzon Expressway; bilang bahagi rin po ito ng Build, Build, Build program ng pamahalaan. Makikibalita tayo live mula sa Navotas kasama si Aljo Bendijo. Good morning, Aljo.

[ALJO BENDIJO REPORTS ON OPENING OF NLEX HARBOR LINK PROJECT]

**USEC. IGNACIO:** Salamat sa iyo Aljo, samantala, babalikan ka namin maya-maya lamang. Pakinggan muna natin ang ginaganap na seremonya ng pagbubukas ng NLEX Harbor Link.

[OPENING OF NLEX HARBOR LINK PROJECT]

**EXEC. SEC. MEDIALDEA:** Good morning, everyone. I would just like to congratulate the Metro Pacific, NLEX, DPWH for a simple but very significant event. Lumiliit na po ang Metro Manila, congratulations sa inyo. Maraming, maraming salamat po.

**SEC. DIZON:** Good morning. First of all, congratulations to DPWH, you know, I think the first time we visited this was way, way back in 2017 I think, and there was literally nothing here

and really a great job from DPWH and of course from Metro Pacific Corporation, our private partner – thank you very much. I think this is one of the examples that public and private partnership can really work and make things happen very fast. So again, congratulations to everyone and maraming salamat po.

**SEC. TUGADE:** Sa kadahilanang iniksian ng aking Boss – Executive Secretary Medialdea, at ni Secretary Vince ang kanilang pananalita at pagpugay, hahabaan ko ho iyong aking sasabihin, iyon ang usapan namin.

So anyway, iyong atin hong moderator kanina sabi niya, it is an exciting day because now we are going into exciting ways. Sa akin hong bokabolaryo, hindi lang exciting, it's a beautiful day. It's a beautiful day indeed notwithstanding the threat, the dangers and the inconveniences caused by the pandemic COVID. Kasi ho napakaganda itong proyektong ito, it's a beautiful project surrounded by beautiful people, albeit very limited. Hindi limited ang tawag ko diyan President, ang tawag ko diyan exclusive. Talagang this is an exclusive opening, kaya it's a beautiful day.

Mayroon ho tayong mga dapat pasalamatan why we are having a beautiful day, celebrating a beautiful project:

Nandiyan ho iyong Kagawaran ng Public Works and Highways na pinamumunuan at nasa liderato ng ating mahal na Kalihim, si Mr. Mark Villar. Ito ho bata, pero punung-puno ng sigla, punung-puno ng passion ang kaniyang liderato kaya iyong mga imposibleng hindi nagagawa, kayang-kaya niyang gawin iyan, kasama iyong mga pamunuan at mga kaniyang ka-tropa sa Kagawaran ng public transportation – sila ho ang unang pasalamatan natin.

Pangalawa ho iyong tinatawag natin na MVP Group of Companies na pinamumunuan ng ating mahal na Mr. MVP at ngayon nire-represent ni Luigi. Talagang ang MVP Group nandidiyan at salin-salin, samu't sari iyong kontribyusyon upang makatulong sa administrasyon at pamahalaang ito. Sa inyong lahat sa MVP Group – Mr. MVP, Luigi – sa inyong lahat… maraming salamat;

Pasalamatan po natin at bigyang-pugay natin ang administrasyong Duterte sa pamumuno ng ating mahal na Pangulo, Mayor Rodrigo Roa Duterte which is being represented today by an equally passionate leader in the person of ES Bingbong Medialdea. Their political will and mind you, their leadership, has really made the impossible, a difficult way to handle but it is being handled. Iyong pinakamahirap ho, madaling nagagawa dahil sa political will nila, sa inspirasyon at liderato.

Nagpapasalamat kami sa cluster ng tatlong ito: Ang Public Works, ang administrasyong Duterte at ang ating tinatawag na MVP Group of Companies. Sa inyong lahat maraming, maraming salamat.

Sabihin ko lang ho, mayroon akong personal na pakinabang dito. Kasi I commute regularly and almost daily to Clark. Ngayon dadaan na ako ng SLEX, lalabas ako sa NAIAEx tapos pupunta ako sa Macapagal, tapos pupunta ako sa Roxas Boulevard, dire-diretso na ako diyan. I think I will save around … easily 25 to 30 minutes.

So personally, I'll be grateful to you, to all these three groups of people every time I traverse going to Clark or coming home from Clark, maaalala ko kayo.

Ngayon kung sa proye-proyekto lang, baka akala ninyo ito lang ang proyekto ng Public Works, hindi ho. Marami pa ho silang ginagawa. Ano iyon? Abangan. Ano iyon? Gagawin iyon promise.

Sa iyong lahat, magandang umaga. It's a beautiful day.

**MODERATOR:** Thank you very much, Secretary Tugade. And to give us his message, please welcome the Secretary of the Presidential Communications Operations Office, Secretary Martin Andanar.

**SEC. ANDANAR:** Salamat po. Kay Executive Secretary Bingbong Medialdea, kay Secretary Tugade, Secretary Mark Villar, Secretary Vince Dizon at ating member po ng Metro Pacific, at sa lahat po ng ating mga panauhin, magandang umaga po sa inyong lahat.

The building of a nation begins with infrastructure, this includes road networks, bridges, ports and other structures that become the foundation of progress.

President Rodrigo Roa Duterte early on launched a massive infrastructure program called Build, Build, Build that intends to connect the people of our islands across waterways and connect them likewise within the cities of our islands.

Commerce and industry are to converge in a nationwide interchangeability while perspectives are broadened through the immersion in subcultures brought about by movement. These effects of mobility strengthen us as a people and as a nation.

Today, we witness the opening of the NLEX Harbor Link, an initiative meant to unload traffic from existing thoroughfares and ease the burden of daily commuters in keeping with this administration's commitment of providing a comfortable life for all Filipinos.

The completion of this project during a devastating pandemic is testimony to the resilience and fortitude of our government.

Rising to the challenge of building a nation despite a period of crisis, we join the nation in congratulating the constructors and the personnel of the different government agencies that contributed to the success of this undertaking.

Thank you and mabuhay ang Build, Build, Build.

**MODERATOR:** Thank you very much, Secretary Andanar. We all appreciate the message of support from all our hardworking government partner agencies. And now to formally close this momentous event, we would like to call on the President and General Manager of NLEX Corporation, Mr. J. Luigi L. Bautista. Let's all give him a round of applause.

**MR. BAUTISTA:** Good morning distinguished guests, friends, ladies and gentlemen. This is indeed a beautiful day – unique and special GCQ day. We were locked down but never knocked down. As soon as clearance was given by DPWH, we immediately went to work to finish the NLEX Harbor Link section from New Caloocan Interchange in C3 all the way to Mel Lopez Boulevard formerly R10.

So under the cadence set by Secretary Mark, Secretary Art and the rest of the BBB Team, we worked overtime to deliver this piece of infrastructure that is vital for mobility and travel. And it will also facilitate faster movement of goods and cargos and thus enable the kick start of our economy from the pandemic crisis.

Our commitment never wavered and our steady focus remained clear, and that is to undertake and complete high impact projects that can positively transform our society.

The current crisis has definitely changed the way we implement projects. We set the highest standards of safety and health. We followed all the protocols and procedures issued by the IATF, DOH, DOLE, DTI and DPWH. In short, we did not leave anything to chance.

And this project, ladies and gentlemen, is a template for our new normal – from rapid testing to constant disinfection, to provision of living quarters to our workers, to physical distancing, to medical clinic with assigned doctor and nurses, and so on. These health and safety features are on top of the usual standards for undertaking construction projects, and those are completing on time, within budget and with utmost regard to quality.

We continue to work closely with the government in pursuing our projects. As you already know, the NLEX connector is also underway to improve mobility between North and South Luzon. We are optimistic that it will gain significant headway this year and God willing, completion is anticipated in less than 20 months.

So before I close, let me take this opportunity to thank Secretary Mark Villar, Secretary Tugade, Secretary Vince Dizon, Executive Secretary Salvador Medialdea, Secretary Andanar for your relentless determination to restart the economy through the development and implementation of infrastructure projects.

This project is a clear testament that we are getting back on track. Please be assured of Metro Pacific Tollways continuing cooperation and active engagement. Some things may change because of the pandemic but our commitment stays the same.

Maraming, maraming salamat po.

**MODERATOR:** Thank you very much, Mr. Bautista and to all our distinguished guests who have shared their valuable insights today. With the opening of this expressway, we are getting closer to our vision of providing valuable road networks for Filipinos. The NLEX Harbor Link project marks the start of continuous infrastructure development in the country, and together with the Build, Build, Build program of the government, the future has never looked brighter.

Again, ladies and gentlemen, thank you for sharing your time with us today. But before we leave, everyone will be given a chance to be part of the drive-through at our newly opened NLEX Harbor Link Project from New Caloocan Interchange in C3 to Mel Lopez Boulevard. See you again soon in our other projects. Please drive safely and have a good day.

**MR. BENDIJO:** Okay. At heto na nga, nakasakay na sa kani-kanilang mga sasakyan ang mga alter egos ng Pangulong Duterte; Si Sec. Mark Villar ng Public Works and Highways; honorable Vince Dizon – Bases and Conversion Development Authority; si Sec. Martin Andanar din with Sec. Bingbong Medialdea, para po dito sa opening ng NLEX Harbor Link Project – around 2.6. Para sa karagdagang detalye diyan ay nakatutok pa rin ang ating kasamang si Allan Francisco.

Allan, go ahead.

[NEWS REPORT BY ALLAN FRANCISCO]

**MR. BENDIJO:** All right. Thank you so much, Allan Francisco. Again, ito po ay 2.6 kilometers na direktang magbibigay po ng kalsada, kaginhawaan sa lahat ng mga motorist, decongest Metro Manila.

Samantala ay mayroon po tayong one-on-one interview with Sec. Mark Villar ng DPWH tungkol naman sa nitty-gritty nito pong NLEX Harbor Link Project, panoorin natin.

[VTR]

**MR. BENDIJO:** Sa puntong ito ay makakapanayam natin si DPWH Sec. Mark Villar tungkol pa rin sa pagbubukas ngayong araw na ito, June 15, Monday, ng NLEX Harbor Link Project.

Magandang araw po, Sec. Mark.

**SEC. VILLAR:** Magandang umaga po.

**MR. BENDIJO:** Gaano po kahalaga ang proyektong ito unang-una, Secretary, sa ekonomiya po ng Pilipinas?

**SEC. VILLAR:** Napakalaking bagay dahil nakikita ninyo naman po, ito malapit sa port, so lahat ng trucks na galing po sa port na papuntang North Luzon Expressway, dito na sila dadaan. Dati kasi noong tinapos namin iyong isang segment ng Harbor Link, ang bagsak niya is C3 eh, ito dahil iyong C3 hindi masyadong malapad, medyo congested eh sa R10 mas maluwag. So, gumawa kami ng isang extension, eh ngayon tapos na, mamayang hapon bubuksan na po.

Ito po ay isang magandang halimbawa ng new normal sa construction kasi na-ano talaga… naging maraming mga regulations para manatiling ligtas ang mga workers dahil sa COVID.

**MR. BENDIJO:** Okay. Open ito sa lahat ng mga motorista as of the moment, Secretary or para lang ito sa mga malalaking truck galing pong pier?

**SEC. VILLAR:** Hindi ho. Ang expectation maraming trucks ang gagamit dito dahil siyempre malapit sa pier pero open siya sa lahat ng vehicles.

**MR. BENDIJO:** Opo. Kung magkakaroon po ng bayad po dito sa pagpasok ng napaka-modernong Skyway na ito, magkano po at kailan po mag-uumpisa ang pangongolekta?

**SEC. VILLAR:** Sa ngayon po, wala pang additional toll pero pinag-uusapan sa TRB iyong bagong toll. Kasama siya sa open system ng NLEX, so magkakaroon lang ng kaunting-kaunting adjustment sa toll sa NLEX pero minimal lang siguro ang magiging impact nito sa overall toll rate sa buong system ng NLEX.

**MR. BENDIJO:** Opo. Is this the final stretch po ng segment na ito, Secretary?

**SEC. VILLAR:** Yes, ito po na po ang final. Noong last quarter of 2018 tinapos namin iyong segment hanggang C3. Ngayon po, ito iyong isa sa pinaka-critical dahil iko-connect niya iyong port halos directly dahil sa R10. So, ito napakalaking bagay, iyong travel time from the port, Manila port to NLEX will be cut to ten minutes.

**MR. BENDIJO:** Na dati-rati ay ilang oras po?

**SEC. VILLAR:** Oo, umaabot ka ng mahigit isang oras.

**MR. BENDIJO:** Opo, sakripisyo talaga. At ito po ay convenience na sa lahat at maibsan na ang matinding traffic lalo na sa EDSA and C5.

**SEC. VILLAR:** Sobra. Kung galing kayo sa Manila at gusto ninyong pumunta sa Quezon City, puwedeng baka twenty minutes na lang ang biyahe, 15-20 minutes na lang.

**MR. BENDIJO:** Ano pa ang update po natin, Sec. Villar, sa Build, Build, Build Projects maliban po dito?

**SEC. VILLAR:** Mayroon na po tayong bagong regulations dahil sa new normal natin. At nakikita ninyo naman na naging safe naman itong site noong nagtrabaho kami. Wala namang… hindi naman naging malaking problema ang COVID, safe naman ang mga workers at mabilis naman ang construction.

So, sa tingin ko ito ay isang magandang halimbawa sa new normal natin sa construction and we can see that even with the COVID issue kaya pa natin mag-construct nang mabilis at safe.

**MR. BENDIJO:** Opo. May kaunting delay po ang completion ng project na ito because of pandemic pero—

**SEC. VILLAR:** Pero may time na nag-stop din kami pero noong nabigyan din kami ng exemption for flagships, nakapagtrabaho naman nang 24/7 at since noong ECQ hindi masyadong masikip, nakahabol din ang construction. Kaya ngayon po makikita ninyo naman tapos na po ang project.

**MR. BENDIJO:** Opo. So, papaano po natin pinaghahandaan, ng DPWH, ito pong new normal ngayon lalo na sa ating mga manggagawa?

**SEC. VILLAR:** Ito, iyong mga bagong regulations katulad ng iyong testing bago pumasok sa sa site, kapag nasa site na sila hindi na sila basta puwedeng umalis; and may hand washing facility; iyong scheduling; iyong may social distancing; at mayroong clinic dito sa site para ma-check din iyong kalusugan ng mga manggagawa.

**MR. BENDIJO:** Recovery plans po ng kagawaran ng DPWH po Secretary, after this COVID-19? Hopefully matatapos na po ang pandemic.

**SEC. VILLAR:** Well, we're still pursuing the same targets, hahabulin na lang namin lahat ng implementation targets ng department pati dito sa mga projects. We can expect all system go na po ang Build, Build, Build and we can expect in the next few months marami na kaming ide-deliver na projects as per schedule.

**MR. BENDIJO:** Opo. Secretary, mensahe na lang po ninyo sa ating mga tagapanood.

**SEC. VILLAR:** Mamaya pong 5 P.M. abangan ninyo po ang opening ng Harbor Link. So, sa R10 pa lang puwede na po kayong umakyat sa Harbor Link at napakabilis. So, mamayang 5 P.M. po open na po ang Harbor Link at wala po munang additional toll.

**MR. BENDIJO:** Maraming salamat po, DPWH Sec. Mark Villar.

**SEC. VILLAR:** Salamat.

**MR. BENDIJO:** Ayan… So, iyan po ang ating pakikipagpanayam kay Sec. Mark. Samantala, balik na muna tayo sa studio with Usec. Rocky Ignacio.

**USEC. IGNACIO:** Salamat Aljo. Balikan natin mamaya ang mga kaganapan diyan sa NLEX Harbor Link.

Samantala, tuluy-tuloy pa rin ang pag-iikot ni Presidential Communications Operations Office para pakinggan at alamin ang mga hinaing ng media personnel sa bansa dulot ng COVID-19 sa pangunguna po ito ni PCOO Sec. Martin Andanar.

Bumisita ang Kalihim kamakailan sa Lipa City para personal na kumustahin ang mga miyembro ng Batangas media at abutan ang mga ito ng food packs.

Sinabi ng Kalihim na kabilang din ang mga nagtatrabaho sa industriya ng media sa naapektuhan ng quarantine health protocols kung saan kina-kailangang magbawas ng mga trabahador ang ilang media outlets para sa pagkonti ng advertisement kung saan pangunahing nakadepende ang mga ito.

Patuloy din umanong isusulong ang pagdagdag ng budget para sa mga advertisement ng pamahalaan sa mga pampribadong media para tugunan ang suliraning ito.

Samantala, maraming industriya ang naapektuhan dahil sa COVID-19. Ngunit ayon kay Senator Bong Go, hindi dapat matigil ang supply ng pagkain kaya naman malaking papel ang ginagampanan ng sektor ng agrikultura para makabangon ang bansa mula sa COVID-19.

Sinabi rin ng Senador na dapat mas paigtingin pa ang Kagawaran ng Agrikultura, mga programa para matulungan ang mga agri-producers sa bansa, gayun din ang mga agri at fishery-related micro, small and medium enterprises. Sa pamamagitan naman ng Expanded SURE Aid and Recovery Project ng ahensiya, tuluy-tuloy din ang pagbibigay nito ng concessionary loans para sa mga magsasaka at mangingisda, gayun din ang ilan pang programa para tiyakin ang food productivity sa bansa.

Samantala, ngayong araw po ay makakasama natin sa ating Public Briefing si Ambassador Jose Laurel V mula po sa embahada ng Pilipinas sa Japan. Magandang araw po sa inyo, Ambassador.

**AMBASSADOR LAUREL:** Magandang umaga po, Undersecretary. Kumusta po kayo?

**USEC. IGNACIO:** Ambassador, from the last time po na na-interview namin kayo sometime in April po, kumusta na po ngayon ang general atmosphere sa Japan at nag-ease na po kasi iyong restriction ng ating Japanese government?

**AMBASSADOR LAUREL:** Well, basically, the restrictions are quite the same. Social distancing is a requirement; wearing mask is a requirement; and gatherings of large crowds are prohibited.

So, the situation has not really been changed just like in the Philippines because we have not discovered the vaccine that will address and try to cure this COVID-19 situation.

**USEC. IGNACIO:** Ambassador, with more than 17,000 confirmed COVID cases sa Japan, nagkaroon po ba ng movement sa bilang ng mga Pilipino po na nagpositibo, gumaling at nasawi dahil sa nasabing sakit. Ano po iyong pinakahuling update dito?

**AMBASSADOR LAUREL:** Actually, kukonting Pilipino ang naapektuhan. Alinsunod sa mga records na natatanggap namin dito, sa land-based at Tokyo, wala pang namamatay; anim ang nagkaroon ng sakit sa Tokyo at anim ang nag-recover. Sa Osaka, 21 at 19 ang naka-recover. Sa Nagoya, iisa. Dadalawa na lang ang nasa Osaka. Sa sea-based, ang mga seamen ho natin, lahat po ay nakauwi na. Sa Diamond Princess ay otsenta ang nagkasakit, otsenta ang gumaling. Sa Osaka, 41 ang nagkasakit sa MV Costa Atlantica at 41 ang nag-recover. So wala hong namamatay na Pilipino rito at mahusay ho lahat, nakaka-recover ho lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Magandang balita po iyan, Ambassador. Noong June 1 po ay nagbukas din ang ating embahada sa Japan. Lahat po ba ng consular services ay nag-resume na rin?

**AMBASSADOR LAUREL:** Hindi ho nagsasara kami. Binabawasan lamang ang … nagkakaroon lang kami ng tinatawag na skeletal force. Sa katotohanan, ako'y humingi ng tulong sa ating Consul General Serna-Chua na nandito sa aking tabi dahil ako'y hindi nakakasiguro na nagbabago ang mga data.

Pero as of now, these are the latest that I've mentioned to you. And we are on what they call half … open and half approach.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ambassador, kaugnay naman po sa repatriation, ilan na pong mga Pilipino ang napauwi natin so far? And hanggang ngayon po ba ay tuluy-tuloy pa rin iyong repatriation efforts para sa ating mga Overseas Filipinos po sa Japan?

**AMBASSADOR LAUREL:** Ang napauwi ho namin ay mahigit-kumulang isanlibo na na overseas workers or seamen. At mayroon pang 126 na naiipit ngayon dito na mga sari-sari na ho ang kanilang status – mayroong turista, mayroong mga estudyanteng natapos na ang kanilang pag-aaral or training, mga skilled workers. There are 126 who have requested to be repatriated and we're still trying to arrange for their transportation home.

You see, the Philippines does not have aircrafts that are coming and going on a regular basis because PAL, ANA, JAL and Cebu Pacific have suspended their operations to and from the Philippines and the same with the Japanese. And we are also restricting and restricted the entries of Japanese and vice versa, the Filipinos into Japan.

So wala hong puwedeng pumasok, wala hong puwedeng lumabas dahil kapag umalis ka rito ay magtsi-check-up ka, pagkatapos ng check-up ay ika-quarantine ka pa; pagkatapos kapag ikaw ay lumipat pa sa probinsiya, another quarantine and all that stuff. So it's really very nature of the virus, we have to be very careful.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ambassador, nagbigay po ng tulong o ayuda ang Japanese government sa bawat pamilya sa Japan including the foreign student po. How about iyon pong foreign workers na hindi po residente ng Japan, mayroon din po ba silang tulong na ibinigay dito?

**AMBASSADOR LAUREL:** Mayroon ho rin pero, you know, these are palliatives. It is not… you know, you can be given as they call a hundred thousand yen for the people who are registered here or students who are legitimately here. But how long will that last? Hindi ho puwedeng kuwan… So what is essential for us, really, as part of humanity is to really discover the antidote to this virus. And unless we find this and we are able to discover it, produce it, distribute it and apply it, it will be quite some time before we become what they call under the normalcy of life.

**USEC. IGNACIO:** Ambassador, may mga OFW po ba sa Japan na nakatanggap na po ng tulong mula po doon sa DOLE, sa ilalim po ng AKAP program?

**AMBASSADOR LAUREL:** Marami hong nakatanggap na. In fact, iyong mga OFW na galing sa—seamen, sinagot po ng mga kumpanyang cruise iyong Princess Cruise or Norwegian Cruise. Mayroon din namang mga Pilipinong, lalo na sa permanent residents na mayroong caregiver na binibigyan ang mga Pilipino. Hindi ho problema iyon, ang problema ho eh hanggang kailan, hindi pa tayo nakakadiskubre ng antidote to the virus.

**USEC. IGNACIO:** Opo, naiintindihan po namin iyon. Maraming salamat po sa inyong panahon, Ambassador Jose C. Laurel V from the Embassy of the Philippines in Japan. Mayroon po kayong mensahe para sa ating mga kababayan diyan sa Japan?

**AMBASSADOR LAUREL:** Sa aking mga kababayan, you keep safe, keep your distance, have the consciousness of trying to avoid crowds, and we wish you all the very best of health. And hope that you can go back home as soon as possible without the difficulties of these COVID-19. Thank you very much, Usec. Ignacio.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po muli, Ambassador. Stay safe po.

Samantala tuluy-tuloy din naman ang pagtulong ng ating pamahalaan sa mga kababayan nating naapektuhan ng quarantine health protocols na ipinatupad sa bansa bilang pag-iwas sa COVID-19. Particular na po iyong mga na stranded, malayo sa kanilang mga pamilya o ang tinatawag nating Locally Stranded Individuals. Iyan po ay sa pamamagitan ng ating Hatid Tulong Program.

[VIDEO PRESENTATION]

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, balikan naman natin si Aljo Bendijo live mula pa rin po sa NLEX Harbor Link sa may Navotas City. Aljo?

**BENDIJO:** Usec. Rocky, konkretong daan**,** matibay na ugnayan at isang malinaw na progreso sa ating patuloy na pagtutulungan at pakikiisa sa mga proyekto ng pamahalaan katulad po nitong Build, Build, Build projects ng Duterte administration ay unti-unti po nating mararating ang pag-unlad. Nawa'y ang pagbubukas po ng daang ito, ito pong NLEX Harbor Link ay maging daan din sa mas marami pang oportunidad at pag-asenso ng ating bayan. Samantala, puntahan muna natin si Allan Francisco

[NEWS REPORTING]

**BENDIJO:** Taos-puso po kaming nagpapasalamat sa atin pong pamahalaan, lalo na po sa Department of Public Works and Highways, katuwang ang Metro Pacific Investments Corporations, ang Manila North Tollways Corporation para po sa karagdagang proyektong itong kinakailangan po ng ating bansa. At tayo din ay nagpapasalamat sa The Manila Hotel sa walang sawang pagsuporta sa People's Television Network. Muli, ako po si Aljo Bendijo para sa PTV, para sa bayan. Balik po sa iyo diyan, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Salamat sa inyo, pati kay Allan Francisco na talaga naulanan, eh talagang sa ating sinasabing trabaho kasi ito. Salamat din sa iyo, Aljo Bendijo.

At diyan po nagtatapos ang ating programa, Hanggang bukas po muli. Sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Usec. Rocky Ignacio mula sa PCOO para sa Public Briefing #Laging HandaPH.

*##*